Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MAYO 28, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Jun M. Asinas . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Bryan R. Lateo . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Narciso A. Cayos . . . . . . . . | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 083-T'07

**KAPASIYAHANG SINUSUSUGAN ANG SEKSYON 15(b), ARTIKULO IV, KAUTUSANG BAYAN BLG. 01-T'07 HINGGIL SA PANGANGAILANGAN SA PAGKUHA NG PRANKISA.**

SAPAGKA'T, may sinusunod na patakarang dapat na ilakip sa pagkuha ng prankisa sa traysikel na nakapaloob sa kautusan hinggil sa pangangailangan ng voter's ID;

SAPAGKA'T, ito'y bilang pagkilala sa isang taong kukuha o magre –renew ng prankisa sa traysikel;

SAPAGKA'T, ilan sa mga nag-aaplay o kumukuha ng prankisa sa traysikel ay pawang walang hawak na voter's ID o katibayan mula sa COMELEC na sila ay mga botante sa bayang ito.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Alden A. Sulit, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Serafin C. San Juan, Jr. at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHANG: Pagtibayin ang mga sumusunod:

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 09-T'07

**KAUTUSANG BAYANG SUMUSUSOG SA SEKSYON 15 (b), ARTIKULO IV NG KAUTUSANG BAYAN BLG. 01-T'07 HINGGIL SA PANGANGAILANGAN SA PAGKUHA NG PRANKISA.**

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

SEKSYON 1 – Susugan ang Seksyon 15 (b) ng Artikulo IV, na idagdag sa Voter's ID o Comelec Certification ang sumusunod:

ARTIKULO IV, Seksyon 15 (b) – o kaya ay katibayan mula sa dalawang kapitbahay bilang pagkilala sa isang aplikante.

SEKSYON 2 – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Pulisya, SCTMO at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Kagawad

KGG. VIRGILIO T. CIRIACO
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.
Kagawad

KGG. ALDEN A. SULIT
Kagawad

KGG. MIKE JOMEL M. OMBICO
Kagawad

NAGPATOTOO:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan